

## California's Citizens Redistricting Commission

"Fair Representation—Democracy At Work!"



### Citizens Redistricting Commission

Publikong Pagbabahaging Pagdinig

Martes, Hunyo 28, 2011

State Capitol, Room 4203

Sacramento, CA 95814

6:00 p.m. – 9:00 p.m.

---

Ang 14 na miyembro ng Independent California Citizens Redistricting Commission ay magsasagawa ng pampublikong pagbabahagi na pulong sa Sacramento sa Hunyo 28, 2011, mula 6:00 p.m. - 9:00 p.m. sa State Capitol.

Ang pampublikong paglahok sa paghalal ng mga distritong ito ay mahalaga sa pagseguro na ang mga komunidad ay may pinakamalakas na posibleng boses upang ihayag ang mga kagustuhan nila. Kapag ang mga botante na may parehong mga interes ay mahila sa isang distrito nang magkakasama, ang mga boses nila ay nagdodoble at binibigyan sila nang higit na pagkakataong ihayag ang mga pananaw nila, maghalal ng mga kandidatong napili nila at panagutin ang kanilang mga liderato.

Ang Komisyon ay kumukuha ng testimonya mula sa mga residente ng lokal na lugar bago kunin ang unang lupon ng mga draft na mapa na ilalabas sa Hunyo. Ang mga pinal na mapa ng distrito ay kailangang patotohanan ng Komisyon at iprisinta sa Kalihim ng Estado bago mag Agosto 15, 2011.

Ang pinakamahabang oras para sa bawat magsasalita ay 2 minuto. Ang mga magsasalita ay dapat magbigay ng mga kopya para sa 14 na miyembro ng Komisyon ng mga dokumentong kanilang isinumite bilang testimonya. Ang mga numero ng magsasalita ay maaaring makuha isang oras bago ang nakapaskil na oras ng pagdinig. Ang nakapaskil na oras ng pulong ay hindi maaaring lumagpas nang mahigit sa 2 oras makalipas ang orihinal na pagtatapos, sa ilalim ng mga limitasyon ng lugar at pangangailangan ng magsasalita. Walang mga numero ng magsasalita ang ibibigay pa makalipas ang pagtatapos ng nakapaskil na oras ng pulong. Dahil sa mataas na pangangailangan ng magsasalita, posible na hindi lahat ng tao na nabigyan ng mga numero ay magkakaroon ng pagkakataong magsalita.

Hinihikayat ng Komisyon ang publiko na gumamit ng alternatibong mga paraan upang magsumite ng testimonya sa pamamagitan ng pag e-mail sa [votersfirstact@crc.ca.gov](mailto:votersfirstact@crc.ca.gov), fax sa 916-651-5711 o sa pamamagitan ng koreo sa Citizens Redistricting Commission, 901 P Street, Suite 154-A, Sacramento, CA 95814.

Pakibisita ang website ng Komisyon sa [www.wedrawthelines.ca.gov](http://www.wedrawthelines.ca.gov) para sa kumpletong impormasyon sa mga pagdinig at makakuha ng gabay upang tulungan kang maghanda para sa iyong testimonya. Ang gabay ay mahahanap sa home page sa ilalim ng "Guide to Participation."

Lahat ng mga pampublikong pagbabahagi na pandinig ay maa-access ng ADA. Sinumang tao na nais humiling ng mga karagdagang tulong o mga serbisyo, kasama ang pagsasalin, upang lumahok sa pagdinig ng Komisyon, ayon sa batas Estado o Pederal, ay dapat makipag-ugnayan kay Janeece Sargis sa 1-866-356-5217 nang hindi lalagpas sa limang (5) araw ng negosyo bago ang naabisong petsa ng pagdinig.